● Distrito ng Nangang / Liu Tsi-Yee - Malayong Bayan ng Indonesia

Kapag ako ay mag-isang nakaupo sa tabi ng bintana at tumatanaw sa mga bituin, lagi kong isinasaisip ang mga bituin na tulad ng bayan ni Inay sa Indonesia. Tuwing makita ko ang mga bituin sa langit, sabi ko kay Inay: “Wow! Ang ganda ng mga bituin sa langit! Mas maganda pa kaysa falling stars!” Para silang nakikipag-usap sa akin! Sa ilalim ng mga bituin sa langit, masaya akong kumakanta at tumitingin sa tanawin!

Ang Taiwan ay isang bansang may madaming kultura, mga bagong imigrante mula sa iba’t-ibang sulok ng mundo at nagsipagtigil rito sa Taiwan. Si Inay ay narito sa Taiwan nang madami nang taon, nag-asawa’t nanganak, pumirmi at nanirahan dito. Madaming mga kaibigan sa kapaligiran ay mga bagong imigrante rin. Napakasaya tuwing sila ay nag-uusap sa sarili nilang salita. Nagpapasalamat kami sa pamahalaan ng Taiwan na may madaming patakarang pangangalaga sa amin.

Ako ay anak ng bagong imigrante. Ang aking bayan ay Taiwan, bayan ko rin ang Indonesia. Ako ay mas masuwerte kaysa sa ibang tao. Ako ay may tahanan na nag-aaral ng kultura ng Indonesia, salitang Taiwanese at Mandarin, kaya’t mas madami ang alam kong wika. Kayamanan ang pinagmamanang kultura mula sa madaming ibang bansa, bagong imigrante mula sa Indonesia, Vietnam o Tsina man. Ang lahat ay nagsusumikap para sa lupaing Taiwan at upang malaman ng buong mundo ang kagandahan at kabutihan ng Taiwan. Sana pagpalain ng Diyos ang Taiwan.